Kasunduan sa Remitly Business Account

United Kingdom

Welcome sa Remitly Business, na ibinibigay ng Remitly UK Ltd, isang kumpanyang nakarehistro sa England at Wales na may registration number ng kumpanya na 09896841 (**Remitly**, **kami**, **amin** o **tayo**).Pinapangasiwaan kami ng Financial Conduct Authority sa ilalim ng Electronic Money Regulations 2011, na may reference number na 1047222 para sa probisyon ng mga serbisyo sa electronic money at pagbabayad. Matatagpuan ang aming nakarehistrong tanggapan sa 78 Cannon Street, London EC4N 6AF, United Kingdom at matatagpuan ang aming operating address sa 90 Whitfield Street, London W1T 4EZ, United Kingdom.

Nakasaad sa Kasunduan sa Remitly Business Account na ito (**Kasunduan**) ang mga tuntunin at kundisyon kung saan puwedeng gamitin ng iyong negosyo (**Customer**, **ikaw** o **iyong**) ang aming mga serbisyo sa remittance para mag-transfer ng pera sa ibang bansa para sa mga layuning pangnegosyo (**Serbisyo** o **Serbisyong Pangnegosyo**) at iba pang feature na posible naming gawing available sa iyo sa pamamagitan ng business account na sine-set up mo sa amin (**Business Account**). Sa pamamagitan ng pag-access o paggamit sa aming mga serbisyo, sumasang-ayon kang susunod at mapapailalim sa Kasunduang ito. Nalalapat ang Kasunduang ito sa Remitly Business Account sa United Kingdom (**UK**). Tinutukoy rin namin ang **Remitly Group** sa Kasunduang ito, na nangangahulugang Remitly at iba pang kumpanya sa loob ng aming grupo.

Nakalaan sa Remitly ang karapatan, sa sarili naming pagpapasya, na baguhin ang Kasunduang ito o ang alinman sa mga Patakarang nakalista sa ibaba, kasama na ang pagbago, pagdaragdag, o pag-aalis ng mga bahagi ng Kasunduang ito, anumang oras. Gagawin namin ang aming makakaya para bigyan ka ng abiso sa mga pagbabago sa Kasunduang ito. Sa pagkakataong posibleng negatibong makaapekto sa iyong mga karapatan o obligasyon ang isang pagbabago sa ilalim ng Kasunduang ito, aabisuhan ka namin sa loob ng hindi bababa sa 2 buwan bago magkaroon ng bisa ang pagbabagong iyon. Sa pamamagitan ng patuloy na paggamit ng Serbisyo pagkatapos magkaroon ng bisa ang anumang pagbabago sa Kasunduang ito, sumasang-ayon ka at tinatanggap mo ang mga pagbabago. Maaari mong suriin ang pinakabagong bersyon ng Kasunduan anumang oras sa aming website. Sumasang-ayon kang hindi mo dapat baguhin ang Kasunduang ito at kinikilala mo na ang anumang pagsubok mong gawin iyon ay hindi magkakaroon ng bisa.

Huwag gumawa ng Business Account kung hindi ka sumasang-ayon na mapailalim sa mga tuntunin ng Kasunduang ito. Kung, pagkatapos magbukas ng Remitly Business Account, ay gusto mong wakasan ang Kasunduang ito, magagawa mo ito sa

pamamagitan ng pagsasara sa iyong Remitly Business Account. Hindi sinasaklaw ng Kasunduang ito ang mga serbisyo sa consumer. Kung plano mong gamitin ang Remitly para lang sa mga layuning pampersonal, pampamilya o pansambahayan, huwag mag-set up ng Business Account. Kung gusto mong gamitin ang Remitly para sa mga layuning pangnegosyo at pampersonal, maaari kang hiwalay na mag-set up ng consumer account at business account para pamahalaan ang mga nasabing aktibidad. Suriin ang aming website para sa higit pang impormasyon.

PAKIBASA NANG MABUTI ANG KASUNDUANG ITO. May legal na bisa ang mga tuntunin ng Kasunduang ito.

1. TUNGKOL SA KASUNDUANG ITO

Tungkol sa Kasunduang ito. Inilalarawan ng Kasunduang ito ang mga tuntunin at kundisyon sa kung paano namin ibinibigay at kung paano mo magagamit ang mga Serbisyong inaalok namin. Basahin ang Kasunduang ito at tiyaking nasisiyahan ka sa mga tuntunin nito bago mo gamitin ang Serbisyo. Sa pagkakataong tanggapin mo ang electronic na bersyon ng Kasunduang ito, magiging legal na may bisa ang Kasunduang ito sa iyo. Huwag gamitin ang aming Serbisyo kung may hindi ka sinasang-ayunan sa Kasunduang ito. Kung may hindi ka nauunawaan o gusto mo ng higit pang impormasyon, pakitingnan ang impormasyon sa aming website o mobile application (**Mobile App**) o [makipag-ugnayan sa amin dito](https://www.remitly.com/us/en/help#contact).

Puwede kang mag-download ng PDF na bersyon ng Kasunduang ito sa pamamagitan ng pag-click sa link sa itaas ng page na ito, kung gusto mo ng kopyang babalikan sa hinaharap. Puwede ka ring humingi sa amin ng kopya ng Kasunduang ito anumang oras.

Mga terminong binibigyang-kahulugan. May partikular na kahulugan ang mga terminong nasa malaking titik sa Kasunduang ito. Ipinapaliwanag sa Kasunduang ito ang kahulugan ng mga ito.

Anong mga panuntunan ang sinusunod namin. Sumusunod kami sa mga panuntunan at kinakailangan ng Financial Conduct Authority (may reference number na 1047222) at nasa ilalim kami ng pangangasiwa nito bilang isang Electronic Money Institution. Nakarehistro din kami sa UK Information Commissioner (registration ZA169080).

Iba pang Kasunduan at Patakaran na dapat mong sundin: Sa pamamagitan ng paggamit sa aming Serbisyo ng Negosyo, nalalapat ang aming [Patakaran sa Privacy](https://www.remitly.com/gb/en/home/policy) at [Patakaran sa Cookie](https://

www.remitly.com/gb/en/home/agreement#transaction-terms:~:text=Privacy%20Policy%20and-,Cookie%20Policy,-for%20information%20about) sa iyong paggamit ng serbisyong iyon sa bawat pagkakataon na magse-send ka ng pera sa pamamagitan ng Remitly.

Dapat mo ring basahin ang aming [Patakaran sa Privacy](https://www.remitly.com/gb/en/home/agreement#transaction-terms:~:text=If%20you%20want%20to%20Send,and%20share%20your%20personal%20data.) at [Patakaran sa Cookie](https://www.remitly.com/gb/en/home/agreement#transaction-terms:~:text=Privacy%20Policy%20and-,Cookie%20Policy,-for%20information%20about) para sa impormasyon tungkol sa kung paano namin kinokolekta, ginagamit at ibinabahagi ang iyong personal na data. Nakalaan sa amin ang karapatan, sa sarili naming pagpapasya, na baguhin ang alinman sa mga patakarang nakalista sa itaas, anumang oras. **Posibleng wakasan, suspindihin, baguhin, o paghigpitan ng Remitly ang access sa lahat o sa anumang bahagi ng Mobile App, website, o ng mga Serbisyo nang walang abiso o pananagutan.**

Paggamit ng Business Account: Para ma-access ang mga feature ng Business Account namin, inaatasan kang magparehistro sa Remitly at mag-set up ng Remitly Business Account sa website ng Remitly o sa Mobile App ng Remitly. Para magbukas ng Remitly Business Account, kung hindi mo pa nagagawa, dapat kang magbigay sa amin ng iyong email address at gumawa ng password. Habang nakabinbin ang matagumpay na pagkumpleto sa anumang hakbang, inaatasan kaming kunin para ma-verify ang impormasyon ng negosyo mo, at pagkatapos nito ay magkakaroon ka ng access para magamit ang iyong Remitly Business Account. Dapat ay may edad kang 18 taong gulang pataas para makagawa ng Business Account sa Remitly.

Ang Iyong Portal: Kapag na-set up mo na ang iyong Business Account, puwede mong i-access ang iyong naka-personalize na portal sa aming website o Mobile App (**Portal**) kung saan ka makakagawa ng mga money transfer. Pakitandaang ang Portal ay isang tool kung saan ka makakapag-send ng pera at hindi ito isang account (gaya ng bank o payment account). Hindi ka makakapag-store ng anumang anyo ng pera o pondo (gaya ng e-money) sa Portal.

Awtoridad: Nauunawaan mo at sumasang-ayon kang may awtoridad ang natural na taong lumagda sa Kasunduang ito na kumilos sa ngalan ng at isinasailalim niya ang iyong negosyo sa Kasunduang ito at na gamitin ang Serbisyong ito. Maaaring hilingin namin sa iyo anumang oras na magbigay ng katibayan ng nasabing awtoridad. Kung hindi ka magbibigay ng katibayan ng awtoridad na katanggap-tanggap sa amin, maaari naming isara o suspindihin ang iyong Remitly Business Account o huwag kang bigyan ng access.

Kung nakarehistro sa UK Companies House, dapat ding ituring na may magandang status ang negosyo mo sa Companies House. Posibleng hilingin namin sa iyo anumang oras na magbigay ng katibayan ng nasabing magandang status. Kung hindi ka magbibigay ng nasabing katibayan na katanggap-tanggap sa amin, maaari naming isara o suspindihin ang iyong Remitly Business Account o huwag kang bigyan ng access.

Seguridad ng Account: Ang iyong Remitly Business Account ay para lang sa negosyo mo. Hindi ka pinapayagang magsagawa ng mga transaksyong hindi pangnegosyo sa pamamagitan ng Business Account mo. Hindi mo dapat ibahagi ang impormasyon ng Business Account mo sa kahit na sinong hindi pinapahintulutang gamitin ang account na ito o mag-send ng pera sa ngalan ng iyong negosyo. Kung sa palagay mo ay may ibang nag-access ng iyong Remitly Business Account na hindi dapat nagka-access dito, dapat mo kaming abisuhan sa lalong madaling panahon. Naa-access ang aming online na system ng notification [dito](https://www.remitly.com/gb/en/help) nang 24/7 at hindi ka sisingilin ng anuman para sa pagsasagawa ng mga notification sa amin kaugnay ng seguridad ng account mo. **Dapat malaman mo ring hindi namin kailanman hihingin ang password ng iyong Remitly Business Account.** Para sa impormasyon tungkol sa kung paano namin kinokolekta, sino-store, at ibinabahagi ang iyong impormasyon, pakitingnan ang aming [Patakaran sa Privacy](https://www.remitly.com/gb/en/home/policy).

2. KOMUNIKASYON SA PAGITAN MO AT NAMIN

Paano makikipag-ugnayan sa amin. Inaasahan naming magugustuhan mo ang paggamit ng iyong Remitly Business Account. Gayunpaman, kung kinakailangan mo, puwede kang makipag-ugnayan sa amin sa pamamagitan ng mga tanong o reklamo, o humiling ng refund sa anuman sa mga paraang ito:

1. Online, sa aming mga page sa [pakikipag-ugnayan](https://help.remitly.com/s/contact?language=en*US) o [mga reklamo](https://www.remitly.com/gb/en/help/article/complaints-process) ,

2. sa pamamagitan ng telepono sa +44-808-169-2816, o

3. sa pamamagitan ng mail sa aming operating address sa 90 Whitfield Street, London W1T 4EZ, UK para sa atensyon ng Mga Serbisyo sa Customer.

Para makipag-ugnayan sa amin online, sa pamamagitan ng email o sa pamamagitan ng iyong Portal, kakailanganin mo ng ilang partikular na equipment. Puwede itong maging mobile device, smartphone, tablet o computer na compatible sa aming Mga serbisyo at system at nagbibigay sa iyo ng access sa internet (sa kabuuan, **Equipment**).

Pakikipag-ugnayan sa amin tungkol sa mga seryosong isyu. Makipag-ugnayan kaagad sa amin sa pamamagitan ng telepono kung sa tingin mo ay biktima ka ng panlilinlang o paglabag sa seguridad (halimbawa, kung ang Mga serbisyo ay ginamit mula sa iyong account nang walang pahintulot mo o nakompromiso ang email address sa iyong Business Account). Kapag naabisuhan kami, sususpindihin namin ang paggamit ng iyong Business Account at Portal hanggang sa malutas ang mga isyu sa seguridad. Kung sa tingin mo ay may gumagamit ng aming Mga serbisyo sa hindi tamang paraan, o kung makatanggap ka ng anumang mga email na peke/phishing na nagsasabing mula sa Remitly ang mga ito, paki-forward ang mga ito sa amin sa abuse@remitly.com. Pakitandaan na hindi namin hihingin kailanman ang password ng Portal mo o ang impormasyon sa pagbabayad. Makikipag-ugnayan kami sa iyo gamit ang mga pinakamabilis at pinaka-secure na paraan kung maghihinala kaming may panlilinlang o banta sa seguridad sa iyong Business Account o Portal. Posibleng sa pamamagitan ito ng telepono o ng mensahe sa text o mobile alert.

Paano kami makikipag-ugnayan sa iyo. Makikipag-ugnayan kami sa iyo sa pamamagitan ng email o telepono (kabilang ang mga text message), sa pamamagitan ng iyong Business Account, sa pamamagitan ng aming website o sa aming Mobile App. Hindi kami makikipag-ugnayan sa iyo sa pamamagitan ng post o iba pang hindi electronic na paraan maliban kung inaatasan kami ng batas. Maaari mong bawiin ang pagpayag mong makatanggap ng mga komunikasyon sa elektronikong paraan sa pamamagitan ng pag-abiso sa amin, pero kung gagawin mo ito, hindi mo magagamit ang aming Mga Serbisyo.

Impormasyong ibabahagi namin sa iyo. Magbibigay kami sa iyo ng impormasyon tungkol sa:

1. Kasunduang ito at ang paggamit mo sa Serbisyo,

2. mga paghahayag tungkol sa Serbisyo o Remitly,

3. mga komunikasyon sa serbisyo sa customer (kasama ang anumang nauugnay sa panlilinlang, mga banta sa seguridad o error/hindi awtorisadong paggamit ng Serbisyo), at

4. anupamang impormasyon na kinakailangan naming ibigay sa iyo ayon sa batas.

Nasa English ang mga komunikasyon. Ibibigay namin ang aming Mga Serbisyo, makikipag-ugnayan kami sa iyo at sasang-ayon kami sa Kasunduang ito sa English. Kung ang iyong Equipment ay nakatakda sa ibang wika kapag ginagamit mo ang Mga Serbisyo o binabasa at sumasang-ayon ka sa Kasunduang ito, ang bersyon sa wikang English lang ng Kasunduang ito at ang Mga Serbisyo ang ilalapat.

Kailan itinuturing na naihatid ang mga komunikasyon. Itinuturing na naihatid ang mga abiso sa loob ng 24 na oras kung kailan ito naging available sa aming website, naipadala man sa iyo bilang email o text. Kung magse-send kami ng abiso sa pamamagitan ng post, ituturing itong naihatid sa ikalawang Araw ng Negosyo pagkatapos namin itong i-send. Ang **Araw ng Negosyo** ay anumang araw (maliban sa Sabado, Linggo at mga holiday) kung kailan bukas ang mga bangko sa United Kingdom sa publiko para sa negosyo.

Kung gusto mong ihinto ang paggamit sa aming Business Account anumang oras, pakisara ang iyong Business Account o makipag-ugnayan sa amin para sa tulong.

3. PAGSISIMULA AT PAGGAMIT SA AMING BUSINESS ACCOUNT

Pangkalahatang-ideya ng iyong Business Account\ Nagbibigay-daan ang Serbisyo sa Negosyo ng Remitly sa mga rehistradong user ng negosyo na mag-send ng mga money transfer sa ibang bansa mula sa United Kingdom papunta sa mga recipient sa mga partikular na bansa. Posibleng i-update namin ang mga bansang ito at magdagdag o magbawas ng mga bansa sa aming pagpapasya, at susubukan naming maglagay ng notification sa aming website nang maaga patungkol sa mga naturang pagbabago kapag makatuwirang posible.

Paggawa ng Account. Para gamitin ang Serbisyo, dapat isa kang UK limited company (Ltd.) o sole trader. Inaatasan kang gumawa ng Remitly Business Account. Makakagawa ka lang ng Remitly Business Account sa website ng Remitly. Para gumawa ng Remitly Business Account at gamitin ang Serbisyo, aatasan kang bigyan kami ng impormasyon tungkol sa iyong negosyo, kabilang ang iyong nakarehistrong pangalan ng negosyo, address ng negosyo, pangalan sa pangangalakal, numero ng kumpanya, natatanging taxpayer reference (**UTR**), lugar ng establisyamento, paglalarawan ng negosyo, uri ng entity at pagmamay-ari. Binibigyang-daan kami ng iyong Remitly Business Account na magtala ng partikular na impormasyon tungkol sa iyo, ayon sa ipinaliwanag sa aming [Patakaran sa Privacy](https://www.remitly.com/gb/en/home/policy). **Kung magbago ang nasabing impormasyon, dapat kang makipag-ugnayan sa Serbisyo sa Customer para i-update ang iyong impormasyon sa lalong madaling panahon. Kung hindi, posibleng suspindihin namin ang iyong paggamit ng Serbisyo.**

Para gumawa ng Remitly Business Account, ikaw ay responsable para sa at dapat mong gawin ang sumusunod:

- magbigay sa amin ng kumpleto, tumpak, at makatotohanang impormasyon

ayon sa hinihiling namin. Ang impormasyong ibibigay mo ay gagamitin din namin para matukoy kung kwalipikado kang gamitin ang aming Serbisyo; at

- gumawa ng mga kredensyal ng seguridad, gaya ng password o personal identification number, na itinuturing ng Remitly na kinakailangan (**Mga Kredensyal ng Seguridad**) at/o i-download ang aming Mobile App.

Paraan ng Pagbabayad. Ang isang paraan ng pagbabayad ay, halimbawa, isang bank account, credit o debit card, o mobile application para magbayad. Dapat mo kaming bigyan ng access sa bawat paraan ng pagbabayad na gusto mong gamitin sa aming Serbisyo (iyong **Paraan ng Pagbabayad**). Gagamitin din namin ang iyong (Mga) Paraan ng Pagbabayad para singilin ka kung may mga kailangan kang bayaran sa paggamit ng Serbisyo.

Dagdag sa iba pang kinakailangan sa Kasunduang ito, dapat isa kang awtorisado at sumusunod sa batas na user ng bawat Paraan ng Pagbabayad sa iyong Business Account, at hindi dapat nag-expire ang lahat ng Paraan ng Pagbabayad. Binigyan mo kami ng awtorisasyon para i-verify na maganda ang status ng iyong Paraan ng Pagbabayad sa pamamagitan ng pagsusumite ng pang-test na paghiling ng bayad para sa mababang halaga at pagsasagawa ng mga pagsusuri sa iyong card issuer. Susundin namin ang iyong card issuer at anumang tuntunin sa scheme ng pagbabayad kapag nagkukumpleto ng mga pang-test na pagbabayad at ire-refund ka namin sa anumang pang-test na halaga sa pagbabayad. Bilang karagdagan, kinakatawan at ginagarantiyahan mong:

- ang bawat transaksyon na hihilingin mo sa pamamagitan ng Serbisyo ay sumusunod sa Kasunduang ito at sa mga naaangkop na batas, regulasyon, at panuntunan; at

- magsasagawa ka ng anupamang pagkilos na maaari namin, o ng aming mga third-party na Provider ng Serbisyo (binibigyang-kahulugan sa ibaba), na makatuwirang iatas sa iyo para ma-access at magamit mo ang Serbisyo.

Pagsisimula ng money transfer. Para magsimula ng Transaksyon, sa yugto ng buod ng Transaksyon, dapat mong i-click ang “Mag-send ng Pera” o “Magbayad”.

Sumasang-ayon ka sa money transfer kapag na-click mo ang “mag-send ng pera”, “magbayad” o ang katumbas mula sa iyong account.

Kung ang money transfer ay sinimulan bago ang 5 p.m. UK time sa isang Araw ng

Negosyo, ituturing ang payment order bilang natanggap sa petsang iyon. Kung sinimulan ang money transfer pagkatapos ng 5 p.m. UK time sa isang Araw ng Negosyo, o sa isang araw liban sa isang Araw ng Negosyo, ituturing ito bilang natanggap sa susunod na Araw ng Negosyo. Susubukan naming ipaalam sa iyo kung kailan kailangang kumpletuhin ang Transaksyon (na maaaring sa loob ng ilang oras ng aming pagkakatanggap ng Transaksyon, at ito ay karaniwang hindi lalampas sa katapusan ng susunod na Araw ng Negosyo).

Kailan itinuturing na kumpleto ang isang Transaksyon. Posibleng kailanganin ng iyong Recipient na magkumpleto ng mga pagsusuri ng pagkakakilanlan sa pamamagitan ng kanilang mga lokal na bangko o iba pang third party outlet (isang Pinansyal na Institusyon), bago nila ma-claim ang kanilang Payout. Kapag natanggap na ng Pinansyal na Institusyon ang Payout, karaniwang inaatasan ang mga ito na agad na gawing available ito sa Recipient sa pagkakataong bukas na ang mga ito para sa negosyo. Depende sa kung paano mo gustong matanggap ng iyong Recipient ang Payout, itinuturing na kumpleto ang Transaksyon kapag nangyari na ang sumusunod:

1. *Deposito sa bangko* - kine-credit sa bank account ng Recipient mo ang Payout.

2. *Mobile money* - kine-credit sa mobile wallet ng Recipient mo ang Payout.

3. *Cash pickup* - kinokolekta ng iyong Recipient ang cash Payout.

4. *Cash delivery* - inihahatid ang cash Payout sa iyong Recipient.

Paano magkansela ng Transaksyon. Puwede kang magkansela ng Transaksyon anumang oras bago ito makumpleto sa pamamagitan ng [pakikipag-ugnayan sa amin](https://www.remitly.com/gb/en/home/agreement#2-how-we-communicate-with-you) at pagbibigay sa amin ng impormasyon para tulungan kaming tukuyin ang Transaksyon na gusto mong kanselahin. Kung hindi makumpleto ang Transaksyon, karaniwan naming ibabalik sa iyo ang halagang na-transfer at Fee sa Serbisyo para sa transaksyon sa loob ng 3 Araw ng Negosyo na hiniling mong magkansela. Gayunpaman, posibleng matagalan ito.

Seguridad ng Iyong Remitly Business Account. Ikaw ang natatanging responsable para sa pag-iingat sa iyong Mga Kredensyal ng Seguridad. Dapat gawin mo ang lahat ng makatuwirang hakbang para panatilihing ligtas ang iyong Mga Kredensyal sa Seguridad. Kabilang sa mga ito ang sumusunod:

1. hindi kailanman pagbabahagi ng alinman sa iyong mga detalye ng pag-login sa sinuman maliban sa iba pang user na pinahintulutan na gamitin ang account na ito;

2. pag-set up ng two-factor authentication, kung posible;

3. pagtiyak na gumagamit ka ng malakas na password (password na hinaluan ng mga titik, numero at simbolo) na hindi madaling hulaan;

4. regular na pagbabago sa iyong password at hindi paggamit ng parehong password sa iba pang account na mayroon ka, sa amin o sa iba pang serbisyo;

5. pagpapanatiling secure ng iyong email account;

6. regular na pag-update sa Mobile App, mga operating system at browser (kung naaangkop) sa iyong Equipment sa mga pinakabagong bersyon na available; at

7. pag-install at pagpapanatili ng naaangkop na anti-virus software sa iyong Equipment.

Kaagad mo kaming aabisuhan ng anumang hindi awtorisadong paggamit ng iyong password o Remitly Business Account o anupamang breach sa seguridad sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa amin sa pamamagitan ng aming Help Center.

4. MGA PANGKALAHATANG KINAKAILANGAN PARA SA AMING (MGA) SERBISYO

Pagiging Kwalipikado. Dapat ay may edad kang 18 taong gulang pataas para magbukas ng Business Account. Dapat ay legal kang nakatira sa UK. Dapat may magandang status ang iyong negosyo sa kanilang nakarehistrong awtoridad para maging kwalipikado para sa Business Account.

Taong namamahala. Kinukumpirma mong isa kang taong namamahala sa negosyong ito. Kapag tinutukoy namin ang taong namamahala, ang ibig naming sabihin ay isa kang taong may malaking responsibilidad para sa pamamahala sa negosyong ito.

Awtoridad na kumilos sa ngalan ng Negosyo. Kinukumpirma mo na ikaw, o ang mga inaprubahan mong gumamit ng account na ito, ang magiging (mga) natatanging user ng account na ito sa ngalan ng negosyong ito. Kinukumpirma mong may awtoridad kang isailalim ang negosyo kung para kanino mo ginagamit ang aming Serbisyo, at tinatanggap ng negosyo ang mga tuntunin ng Kasunduang ito. Maaaring hilingin namin sa iyo anumang oras na magbigay ng katibayan ng nasabing awtoridad.

Ikaw ang responsable para sa lahat ng aktibidad na mangyayari sa ilalim ng iyong Business Account. Ang pagbibigay ng pahintulot sa iba na ma-access ang iyong Remitly Business Account ay hindi nag-aalis sa iyo ng mga responsibilidad mo sa ilalim ng Kasunduang ito, kasama na ang pag-abiso sa amin kung nakompromiso ang iyong Remitly Business Account o kung pinaghihinalaang mali o hindi awtorisado ang isang transaksyon.

Dapat mong gamitin ang aming Serbisyo para sa iyong Negosyo lang. Hindi ka dapat gumawa ng Remitly Business Account at hindi ka dapat magsumite ng transaksyon sa ngalan ng anupamang negosyo o sa iyong personal na kapasidad. Available lang ang Serbisyong ito sa mga valid na negosyo, ibig sabihin ay para sa paggamit ng mga customer ng negosyo sa kanilang pangkumpanya o pangkomersyal na kapasidad. Kung gagamitin mo ang aming Serbisyo para sa anupamang layunin, lumalabag ka sa Kasunduang ito. Nakalaan sa amin ang karapatang wakasan ang iyong Remitly Business Account, suspindihin o ihinto ang pagbibigay sa iyo ng aming Serbisyo o kaya naman ay ipahinto ang paggamit mo sa aming Serbisyo anumang oras nang walang pananagutan sa iyo kung lalabag ka sa Kasunduang ito sa pamamagitan ng paggamit ng aming Serbisyo maliban para sa iyong negosyo.

Impormasyong ibinabahagi mo. Ang lahat ng impormasyong ibibigay mo sa amin ay dapat na tumpak, kumpleto at napapanahon. Nangangahulugan din ito na dapat mo kaming abisuhan at i-update ang iyong Business Account kung magbabago ang iyong impormasyon sa hinaharap. Kung lilipat ka sa labas ng UK, maaaring kailanganin mong tumanggap ng ibang Kasunduan sa Remitly Business Account para sa iyong bagong lokasyon at maaaring hindi available ang ilan sa Mga Serbisyo namin.

Mga pinaghihigpitang tao at teritoryo. Ayon sa batas, hindi namin puwedeng ibigay ang Serbisyo namin sa ilang partikular na bansa at sa ilang partikular na indibidwal. Hindi mo dapat gamitin ang aming Serbisyo kung ikaw ay matatagpuan sa, o gustong mag-send ng pera sa, rehiyon kung saan legal kaming pinagbabawalan na magbigay ng Mga Serbisyo. Para sa higit pang impormasyon tungkol dito, tingnan ang listahan ng Mga Espesyal na Itinalagang National at listahan ng Mga Hindi Nakikipagtulungang Bansa at Teritoryo sa [website ng pamahalaan ng UK](https://www.remitly.com/gb/en/home/agreement#transaction-terms:~:text=Restricted%20persons%20and,government%20website.).

5. PAG-CONVERT NG CURRENCY AT MGA RATE NG PALITAN

Nagbibigay kami ng mga money transfer sa ilang partikular na currency. Kung ang currency na pipiliin mo kapag nagsumite ng transaksyon ay naiiba sa currency ng Recipient, maglalapat ng rate ng palitan sa transaksyon at may maliit itong margin, na aming itinatabi. Ang mga rate ng palitan na aming inaalok sa anumang ibinigay na oras ay available sa aming website at Mobile App (**Ang Aming Rate ng Palitan**) at nagbabago ang karamihan nito buong araw. Maliban kung sumang-ayon kami sa partikular na rate ng palitan sa iyo, iko-convert namin ang lahat ng transaksyon sa Aming Rate ng Palitan sa panahong naiproseso ang transaksyon. Aabisuhan ka rin tungkol dito sa abiso sa pagkumpirma ng transaksyon.

Hindi namin ipoproseso ang iyong pag-convert ng currency hanggang sa matanggap

namin ang mga pondo para sa transfer at ang anumang nalalapat na fee mula sa iyo. Responsibilidad mong tiyakin na matatanggap namin ang pera para pondohan ang isang pag-convert ng currency sa takdang oras, kabilang ang oras na kailangan ng iyong bangko o provider ng mga serbisyo sa pagbabayad para mag-send sa amin ng mga pondo.

6. LIGTAS NA PAGGAMIT SA AMING MGA SERBISYO

Pag-authenticate sa iyong Business Account at Portal. Posibleng kailanganin mong sundin ang mga tagubilin para mag-authenticate at matagumpay na mag-log in sa iyong Business Account o Portal. Maaaring ito ay pagkumpirma sa iyong email address at password para makatiyak kami na ikaw ang nagbibigay sa amin ng tagubilin o nagla-log in sa iyong Business Account, sa halip na ang ibang tao.

Ang iyong mga responsibilidad sa seguridad. Gumagamit kami ng ibang mga hakbang sa seguridad para matiyak na ligtas at protektado ang iyong impormasyon. Gayunpaman, mayroon ka rin ng mga sumusunod na responsibilidad sa seguridad:

1. tiyaking hindi maling ginamit ang iyong Account at Portal,

2. panatilihing ligtas ang iyong Equipment at Mga Kredensyal ng Seguridad (tingnan ang **Seguridad ng Iyong Remitly Account** sa itaas para sa mga minimum na kinakailangang hakbang para panatilihing ligtas ang iyong Mga Kredensyal ng Seguridad),

3. sundin ang anumang tagubilin sa seguridad na sinasabi namin sa iyo,

4. tiyakin na ang impormasyong ibinabahagi mo para gamitin ang Serbisyo ay hindi naglalaman ng mga virus, malware o iba pang nakapapahamak na impormasyon, at

5. huwag gamitin ang aming Serbisyo sa Equipment na binago batay sa mga alituntunin ng manufacturer.

Access sa pamamagitan ng fingerprint. Posibleng payagan ka naming i-scan ang iyong fingerprint sa iyong Equipment para i-access ang Serbisyo (halimbawa, “TouchID”). Kung available ang functionality na ito sa iyo at gusto mo itong gawin, dapat mong i-download ang Mobile App sa iyong Equipment at payagan ang Mobile App para i-scan ang iyong fingerprint. Dapat mong tiyakin na ang iyong fingerprint lang ang nakarehistro sa iyong Equipment para maiwasan ang mga aksidente at hindi awtorisadong pagbabayad mula sa ibang tao.

Pagsuspinde sa Serbisyo. Posibleng kailanganin naming suspindihin ang access sa Mga Serbisyo para:

1. ayusin ang mga problemang teknikal o magsagawa ng maliliit na pagbabagong teknikal,

2. i-update ang Mga Serbisyo para ipakita ang mga pagbabago sa mga batas o panregulatoryong pangangailangan,

3. gumawa ng iba pang pagbabago sa Mga Serbisyo na ipinaalam namin sa iyo, o

4. magsagawa ng maintenance, na susubukan namin ipaalam sa iyo nang maaga.

Hindi kami responsable sa anumang pinansyal na pagkalugi na puwede mong maranasan kung hindi available ang aming Serbisyo dahil sa mga dahilang ito.

Mga pinaghihigpitang aktibidad. Kapag ginagamit ang aming Serbisyo, may ilang partikular na aktibidad na hindi pinapayagan dahil maaaring makompromiso nito ang seguridad at ang ligtas na paggamit ng aming Serbisyo para sa iba pang user ng Remitly. Ang mga pinaghihigpitang aktibidad na ito, at ang mga aksyon na magagawa namin kung makikilahok ka sa isang pinaghihigpitang aktibidad, ay ilalarawan nang detalyado sa aming Patakaran sa Katanggap-tanggap na Paggamit sa ibaba.

Kung tanggihan naming magsagawa ng payment order, ipapaalam namin sa iyo ang pagtanggi, ang dahilan kung bakit ito ginawa, at ang anumang paraan para ayusin ang isyu na naging dahilan na humantong sa pagtanggi (hal. kung hindi ka nagbigay ng mga sapat na pondo). Gagawin namin ito sa pagtatapos ng Araw ng Negosyo pagkatapos matanggap ang payment order, liban kung may rason kami para isipin na nauugnay ang payment order sa panloloko o sa isang paglabag sa seguridad ng account. Gayunpaman, hindi kami gagawa ng nasabing pag-abiso kung pinagbabawalan kaming gawin iyon alinsunod sa panregulatoryong kinakailangan.

7. Sabihin sa amin kung may problema sa isang Transaksyon.

Kung sa tingin mo ay hindi awtorisado o maling isinagawa ang isang Transaksyon, dapat itong ipaalam sa amin sa loob ng 13 buwan mula sa petsang inabisuhan ka namin na ang halagang na-transfer ay available para sa Recipient. Kung hindi mo kami aabisuhan sa loob ng timeframe na ito, posibleng hindi ka namin matulungan o mabigyan ng refund. Kapag nakipag-ugnayan ka sa amin tungkol sa isyung ito, ibigay sa amin ang sumusunod:

1. ang pangalan at email address mo,

2. paglalarawan sa problema sa transaksyon at kung bakit sa tingin mo ay problema ito,

3. ang pangalan ng iyong Recipient at, kung alam mo, ang kanilang numero sa telepono o address,

4. halaga ng transaksyon, at

5. ang reference number para sa transaksyon na nasa resibong ibinigay namin sa iyo nang iproseso namin ang transaksyon.

Pagwawasto ng mga pagkakamali sa mga transaksyon. Susuriin namin ang impormasyong ito sa loob ng 90 araw matapos matanggap ito at pagpasyahan kung nagkaroon ng error. Kung nagdesisyon kaming may nangyaring error, agad namin itong aayusin at ipapaalam namin sa iyo ang mga resulta sa loob ng 3 Araw ng Negosyo. Kung ang iyong alalahanin ay tungkol sa hindi awtorisadong transaksyon, aming iimbestigahan ito, kung kinakailangan, mag-iisyu kami sa iyo ng refund ng halagang na-transfer at Fee sa Serbisyo sa lalong madaling panahon, at hindi lalampas sa katapusan ng Araw ng Negosyo pagkatapos naming malaman ang tungkol sa error. Kung pagpapasyahan naming hindi nagkaroon ng error, magse-send kami sa iyo ng nakasulat na paliwanag. Puwede kang humiling sa amin ng mga kopya ng mga dokumentong ginamit namin sa imbestigasyon namin.

Mga refund para sa mga hindi awtorisadong transaksyon. Kung may nagawang hindi awtorisadong transaksyon dahil sa aming pagkakamali, ire-refund namin sa iyo ang halagang na-transfer at ang Fee sa Serbisyo sa lalong madaling panahon. Gayunpaman, hindi available ang refund na ito kung ikaw ay:

1. may kaalaman sa pagkalugi, pagnanakaw o hindi awtorisadong paggamit ng iyong Business Account o Portal sa kasong dapat mong bayaran ang unang GBP 35 ng mga hindi awtorisadong transaksyon. Gayunpaman, hindi mo kakailanganing bayaran ito kung ang hindi awtorisadong transaksyon ay dulot ng mga pagkilos o pagpalya namin (o ng ikatlong partidong kumikilos sa aming ngalan) o kabiguang kumilos, o naiproseso matapos mo kaming abisuhan na posibleng nakompromiso ang iyong Business Account,

2. ginawa sa mapanlokong paraan. Sa kasong ito, mananagot ka para sa lahat ng pagkaluging nakuha mo, o

3. kumilos nang sadya o may labis na pagpapabaya sa pamamagitan ng hindi pag-abiso sa amin nang walang hindi kinakailangang pagkaantala tungkol sa isyu sa seguridad sa iyong Business Account o Portal. Sa sitwasyong iyon, responsable ka para sa anumang pagkaluging nakuha mo hanggang sa petsang abisuhan mo kami.

Ano ang hindi namin responsibilidad. Hindi kami responsable para sa anumang pagkalugi na mararanasan mo na hindi namin kasalanan, o nangyari dahil sa: 1) isyu sa aming disbursement partner na nagbibigay ng mga na-transfer na pondo sa iyong Recipient, o 2) hindi namin maiproseso ang isang transaksyon dahil binigyan mo kami ng maling impormasyon. Sa mga pagkakataong ito, hindi ka namin bibigyan ng refund.

Ginagarantiyang Delivery. Bago ka magsumite ng transaksyon, at sa iyong pagtanggap ng transaksyon, magbibigay kami sa iyo ng petsa at oras kung kailan mo maaasahan ang pera mo na ma-deliver sa iyong Recipient. Kung maide-deliver ang pera mo pagkatapos ng petsa at oras na ipinakita namin bago ang pag-send ng Transaksyon mo at inilagay namin sa iyong resibo, kwalipikado ka para sa refund ng Mga Fee sa anumang Serbisyo na siningil namin para sa Transaksyon. Magsusumikap kaming i-refund ang Mga Fee sa Serbisyo sa loob ng 3 Araw ng Negosyo. Kung hindi mo natanggap ang Mga Fee sa Serbisyo sa loob ng 3 raw ng Negosyo, makipag-ugnayan sa amin sa pamamagitan ng mga paraang nakalista sa ibaba at humiling ng refund ng Mga Fee sa Serbisyo na siningil sa kaugnay na Transaksyon. Ang aming Goodwill Guarantee ay ibinibigay ng Remitly UK Ltd. sa mga customer na gumagamit ng aming serbisyo sa UK. Para hilingin ang aming Goodwill Guarantee, inaatasan kang makipag-ugnayan sa amin sa pamamagitan ng pagtawag sa amin sa ++44 808-169-2816 o pagsusulat sa amin sa: Remitly UK Ltd., 90 Whitfield Street, London W1T 4EZ, the United Kingdom sa loob ng 180 araw pagkatapos ng Transaksyon. Ibinibigay ang aming Goodwill Guarantee sa iyo bilang dagdag sa iyong mga legal na karapatan at hindi nito naaapektuhan ang iyong mga karapatan sa ilalim ng batas, gaya ng may kaugnayan sa aming performance ng Mga Serbisyo nang may makatuwirang kasanayan at pangangalaga.

Paano mo matatanggap ang isang refund. Ike-credit ang lahat ng pag-refund sa parehong Paraan ng Pagbabayad na ginamit para magbayad sa transaksyon at sa parehong currency na binayad mo sa amin. Hindi aayusin ang mga refund, kung mayroong pagbabago sa halaga ng currency sa panahong isinumute ang transaksyon. Kung hindi na valid ang iyong Paraan ng Pagbabayad at kung hindi kami makahanap ng solusyong katanggap-tanggap ng lahat para i-refund ka, hindi kami inaatasang i-refund ka.

8. PAGBABAYAD SA AMING MGA SERBISYO

Ang Aming Fee sa Serbisyo. Depende sa kung aling Mga Serbisyo ginagamit mo, maaaring maningil kami ng fee sa serbisyo (**Fee sa Serbisyo**) para sa partikular na Serbisyo. Ipapaalam namin sa iyo kung nalalapat ang Fee sa Serbisyo at kung magkano ito bago mo gamitin ang Serbisyo, para makapagpasya ka kung magpapatuloy. Available ito sa iyo sa website ng Remitly sa ilalim ng “Mga Rate at Fee” o sa iyong Remitly Mobile App kapag nakapili ka ng corridor para sa iyong transfer.

Paano mo kami mababayaran. Sisingilin namin ang iyong Paraan ng Pagbabayad para sa Fee sa Serbisyo, mga karagdagang halagang nauugnay sa Business Service at na ipinapaalam namin sa iyo nang maaga at anupamang fee na dapat bayaran sa amin na ipinaalam namin sa iyo nang maaga. Dapat ang mga paraan ng pagbabayad ay:

1. debit o credit card, at sasabihin namin sa iyo nang maaga ang mga brand na tinatanggap namin (**Mga Pagbabayad na Pinopondohan ng Card**), o

2. isang bank transfer gamit ang UK "Faster Payments" scheme (**Mga Pagbabayad na Pinopondohan ng Bangko**).

